



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan

GANAP NG NABAKUNAHAN AT NAPAPANAHON

Para makita ang mga ito at iba pang Mga Kadalasang mga Katanungan sa bakuna online, bisitahin ang [COVID-19 vaccine webpage](#).

Ano ang ibig sabihin ng “napapanahon” sa bakuna ng COVID-19?

Ikaw ay [napapanahon](#) kaagad sa iyong mga bakuna sa **COVID-19 pagkatapos mong matanggap ang lahat ng inirerekomendang dosis sa pangunahing serye** at ang pinakabagong dosis ng pampalakas na bakuna (booster) na inirerekomenda para sa iyo ng CDC.

Kung nakumpleto mo na ang iyong pangunahing serye, ngunit hindi ka pa kwalipikado para sa pampalakas na bakuna, itinuturing ka pa rin na napapanahon. Ngunit kapag naging kwalipikado ka para sa dosis ng pampalakas na bakuna, hindi ka na napapanahon hanggang sa hindi mo pa nakukuha ang dosis na iyon.

Kapag napapanahon ang mga tao sa kanilang mga bakuna para sa COVID-19, mayroon silang pinakamahusay na proteksyon mula sa malubhang sakit ng COVID-19, pagkakahospital at pagkamatay.

Tingnan ang webpage ng Skedyul ng Bakuna ng LAC DPH COVID-19 sa ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa impormasyon sa lahat ng inirerekomendang dosis ng pangunahin at pampalakas na bakuna. Para sa mas marami pang mga detalye, tingnan ang webpage ng CDC, [Manatiling Napapanahon sa Iyong mga Bakuna sa COVID-19 Kabilang ang mga Pampalakas na Bakuna \(Boosters\)](#).

Kailan ako itinuturing na ganap ng nabakunahan?

Itinuturing kang ganap na nabakunahan dalawang linggo pagkatapos matanggap ang lahat ng inirerekomendang pangunahing serye na dosis:

- Nakuha mo ang iyong huling dosis ng Pfizer (COMIRNATY) o Moderna (SPIKEVAX) na pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19, o
- Nakakuha ka ng isang dosis ng bakunang Johnson & Johnson (J&J)/Janssen COVID-19, o
- Nakakuha ka ng 2 dosis ng bakunang Novavax COVID-19
- Nakuha mo ang lahat ng inirerekomendang dosis ng aktibong bakuna sa COVID-19 (hindi plasebo) na may [kumpirmadong bisa](#) sa isang klinikal na pagsubok.

Tingnan ang webpage ng Iskedyul ng Bakuna sa LAC DPH COVID-19 Vaccine sa ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa impormasyon sa lahat ng inirerekomendang dosis ng pangunahin at pampalakas na bakuna.

Kung nabakunahan ka sa labas ng Amerika o may mga pinaghalo at pinagtugmang bakuna, tingnan ang [Manatiling Napapanahon sa Mga Bakuna sa COVID-19 Kabilang ang mga Pampalakas na Bakuna](#) at





Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan GANAP NG NABAKUNAHAN AT NAPAPANAHON

magpunta sa ibaba sa (mga) nauugnay na seksyong “Pagbabakuna sa Labas ng Amerika” o “Paghahalong Produktong Bakuna ng COVID-19”.

Ano ang pagkakaiba ng pagiging ganap ng nabakunahan at pagiging napapanahon?

Ang ganap na nabakunahan ay isang terminong ginamit upang ilarawan ang mga taong nakakumpleto ng kanilang pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19. Ang ilang mga sitwasyon ay iniaatas na ang isang tao ay ganap na mabakunahan. Halimbawa, ang pagiging ganap na nabakunahan ay maaaring kinakailangan para sa [pangdaigdigang paglalakbay](#), trabaho, pag-aaral sa paaralan, o pagpasok sa ilang pinagdadausang lugar.

Ang pagiging napapanahon ay ginagamit upang ilarawan ang mga taong nakakuha ng lahat ng COVID-19 na dosis na inirerekomenda para sa kanila, kabilang ang mga dosis ng pampalakas na bakuna. **Ang mga taong ito ang may pinakamahusay na proteksyon mula sa COVID-19.**

Saan ako pwedeng makakuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o makita ang Madalas na Katanungan o mga Kadalasang mga Katanungan sa iba pang mga paksa ng bakuna sa COVID-19, iiskan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang [Mga Kadalasang Katanungan sa bakuna ng COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) na may mga larawan para maipakita kung kailang ang bawat isang dosis ay kailangan ng makuha at impormasyon kung [Kung Paano Magpapabakuna](#).
- Webpage ng CDC na [Mga Bakuna para sa COVID-19](#)
- Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroong kang mga katanungan.